Alameda County
Social Services Agency

# Muling Nagbukas ang Programa ng Alameda County sa Tulong na Salapi para sa Provider ng Pangangalaga sa Bata: Ano ang Dapat Malaman

**May Kapana-panabik na Balita!** Ang Lupon ng mga Supervisor (Board of Supervisors, BOS) ng Alameda County at ang Ahensya ng Mga Serbisyong Panlipunan (Social Services Agency, SSA) ng Alameda County ay magbibigay ng **bagong oportunidad para sa walang limitasyong pagpopondo para suportahan ang mahalagang gawain ng mga lisensyadong provider ng pangangalaga sa bata sa Alameda County.**



Ang oportunidad ng pagpopondong ito ay kasunod ng inisyal na round ng isang beses na mga tulong na salapi na ibinigay sa mga programa ng mahigit 1,200 kwalipikadong lisensyadong maliit at malaking Pampamilyang Pangangalaga ng Bata (Family Child Care, FCC) at Center sa Alameda County na may kabuuang $3.74 na milyon na nag-apply para sa pagpopondo sa pagitan ng Hunyo 2022 at Marso 2023. Nakuha ng Alameda County ang pagpopondo sa pamamagitan ng paggamit ng mga pondo ng American Rescue Plan Act (ARPA) para suportahan ang mahalagang tungkulin na ginampanan ng mga negosyo sa pangangalaga ng bata sa panahon ng pandemyang COVID-19. Inaprubahan ng BOS ang paglalaan ng karagdagang halaga na $5.9 na milyon (+$1.3 milyong natira mula sa inisyal na pagpopondo) para sa kabuuang $7.2 milyon sa mga tulong na salapi sa pangangalaga ng bata, na nagbibigay sa SSA ng kakayahang muling buksan ang portal ng tulong na salapi.

## BAGONG OPORTUNIDAD SA PAGPOPONDO NG PROGRAMA NG TULONG NA SALAPI:

### Mga Mahalagang Detalye:

- **Layunin ng Tulong na Salapi:** Nilalayon ng pagpopondong ito na dagdagan ang access sa pangangalaga ng bata, pagiging abot-kaya at katatagan pagkatapos ng pandemyang COVID-19.
- **Panahon ng Pagpopondo:** Magbubukas sa Mayo 1, 2024 ng pagpopondo, at magsasara ito sa Nobyembre 1, 2024.
- **Mga Pamantayan para Maging Kwalipikado:**
    - Ang mga programa ng Maliit at Malaking mga Pampamilyang Pangangalaga ng Bata (Family Child Care, FCC) at Center sa Alameda County na may aktibo, at bagong mga lisensya na pinatatakbo bago ang Hunyo 2021 at patuloy na lisensyado sa Community Care Licensing ay kwalipikadong makatanggap ng mga pondo.
- **Halaga ng Ibinigay:** Ang mga halaga ng tulong na salapi ay mula $4,200 para sa mga programa ng malaking mga FCC at Center hanggang sa $3,200 para sa maliit na mga FCC.
- **Paano Matatanggap ang mga Pondo:**
    - **Kung ikaw ay isang lisensyadong provider ng pangangalaga ng bata sa Estado at nakatanggap ng inisyal na tulong na salapi mula Hunyo 2022 hanggang Marso 2023, walang karagdagang aksyon na kailangan.** Mananatili sa file ang iyong impormasyon, at kinumpirma namin sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS) na ikaw ay patuloy na kasalukuyang lisensyadong provider ng Estado. Awtomatiko ka naming padadalhan ng tulong na salapi sa pamamagitan ng tseke bago ang Hunyo 15, 2024.
    - **Kung HINDI ka nag-apply para sa inisyal na tulong na salapi, kwalipikado ka pa ring** mag-apply at matanggap ang inisyal na tulong na salapi na may halagang $3,350 para sa mga programa ng malaking mga FCC at Center at $2,350 para sa maliit na mga FCC, bukod pa sa pangalawang tulong na salapi na may halagang $4,200 para sa mga programa ng malaking mga FCC at Center at $3,200 para sa maliit na mga FCC. Para matanggap ang mga pondo, dapat mong:
        - Kumpletuhin ang online registration form dito at magsumite ng Form W-9**.**

Ipapadala sa koreo ang mga tulong na salapi kapag natanggap at napatunayan na ang mga application. Mangyaring maghintay ng hanggang 8 linggo para matanggap ang mga pondo.

Pagkatapos mong makatanggap ng mga pondo, gusto naming may matanggap na tugon mula sa iyo! Mangyaring ipadala dito ang iyong mga testimonya.

### Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

Para sa anumang tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Patakaran, Estratehiya at Inobasyon (Office of Policy, Strategy, and Innovation) ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County (Alameda County Social Services Agency) sa SSAChildCareGrant@acgov.org.

© 2024, Alameda County Social Services Agency